



## Kailangang isumite ang mga aplikasyon hanggang 5:00 pm sa Marso 24, 2023

Ang Seattle Public Utilities (SPU, Mga Pampublikong Utility ng Seattle) ay tumatanggap na ng mga aplikasyon sa mga matching grant para sa mga proyektong pangkomunidad na nakatuon sa pagbawas ng basura. Ang ibig sabihin ng pagbawas ng basura ay magkakaroon ng mas kaunting basura para iilang materyal lang ang mapupunta sa recycling, composting, at landfill. Kapag nagbawas tayo ng basura, makakatulong tayo sa kapaligiran, mapoprotektahan ang pampublikong kalusugan, at makakatipid ng pera.

### Mga Layunin ng Grant Program

- Suportahan ang pamunuan at inobasyon sa komunidad kaugnay ng pagbawas ng basura
- Dagdagan ang patas na access sa komunidad para sa mga oportunidad at benepisyo ng pagbawas ng basura
- Protektahan ang kapaligiran at pampublikong kalusugan kapag nagtipid ng resource at binawasan ang emisyon ng greenhouse gas at iba pang nagdudulot ng polusyon
- Bawasan ang mga itinatapong materyal sa Seattle

### Pangkalahatang-ideya tungkol sa Pondo

- Mayroong kabuuang pondo na \$200,000 na nakalaan sa grant cycle na ito.
- Maaaring humiling ng grant mula \$3,000 hanggang \$40,000. Maaaring magkaloob ang SPU ng halagang mas maliit o mas malaki kaysa sa hinihiling.
- Kailangan ng 25% match. Halimbawa: \$40,000 grant + \$10,000 match = \$50,000 kabuuang budget ng proyekto.
- Inire-reimburse ang mga kabayaran para sa grant award. Maaaring humiling ang mga award recipient nang hanggang 10% ng kabuuang grant award nang mas maaga para matustusan ang mga panimulang gastusin sa proyekto.
- Maaaring magsimula ang mga proyekto sa Hulyo 2023. Dapat gamitin at i-invoice ang mga pondo hanggang Hunyo 30, 2025.

### Tungkol sa Pagbawas ng Basura

Mabuting pamamaraan ang recycling at composting. Pero mas mabuti kung walang basura!

Ang lahat ng binibili o ginagamit natin ay kailangang kumonsumo ng resource para magawa ang produkto at ang pakete nito, ibiyahe, gamitin, at pagkatapos ay i-recycle, i-compost, o i-landfill. Ang lahat ng ito ay may malalaking epekto sa hanging ating nilalanghap, sa tubig na iniinom natin, at sa lupang pinagtatamnan ng ating pagkain.

#### Mababawasan natin ang basura kung tayo ay:

- bibili at gagamit nang mas kaunti
- gagawa o bibili ng mga produktong mas tumatagal
- gagamit ng mas kaunting pakete
- magkukumpuni, magre-reuse, at bibili ng gamit na
- magbabahagi, magdo-donate, o magre-resell ng mga item para magamit ulit ng iba
- magpoproseso at gagamit ng onsite na serbisyo para sa tirang pagkain at kalat sa bakuran

#### Kapag kumilos tayo para bawasan ang ating basura, tayo ay:

- makakatipid ng pera dahil sa pagbili at paggamit nang mas kaunti
- makakatulong sa ating komunidad sa pag-donate at pagbabahagi
- makakabawas sa polusyon sa hangin at tubig na nakakasama sa kalusugan ng mga tao at ligaw na hayop
- makakapagkonserba ng mga likas na yaman, gaya ng tubig, enerhiya, lupa, at gasolina
- makakabawas sa emisyon ng greenhouse gas na nagdudulot ng pagbabago sa klima

## Mga Kinakailangan para sa Proyekto

Natutugunan dapat ng mga proyekto ang lahat ng sumusunod na kinakailangan para makwalipika:

### 1. Ang mga aktibidad ay kailangang makabawas lalo ng basura.

Kasama sa mga halimbawa ng kwalipikadong proyekto ang:

- Pagsisimula ng programa sa nare-reuse na lagayan ng pagkain sa mga pasilidad para sa pamumuhay nang may gabay
- Pagsubok ng mga estratehiyang magpapabuti sa komunikasyon sa pagitan ng mga nagdo-donate ng pagkain at mga organisasyong tumutulong sa mga nagugutom
- Paglunsad ng sistema para sa nare-reuse na lagayan ng takeout
- Pagbubukas o pagpapalawak ng library para sa iba-ibang bagay
- Pagsubok ng mga estratehiyang makakabawas sa tirang pagkain sa mga bahay kung saan maraming naninirahan nang sama-sama, gaya ng pabahay para sa mga mag-aaral
- Iba pang malilikhaing ideyang mayroon ka para mabawasan ang basura!

Hindi kwalipikado para sa pondo ng grant ang mga sumusunod na aktibidad:

- Tuloy-tuloy na gastusin sa operasyon para maipagpatuloy ang mga aktibidad sa kasalukuyang antas ng mga ito sa pagbawas ng basura
- Recycling
- Offsite na composting (pinoproseso at ginagamit sa ibang lugar)
- Paggamit ng mga nare-recycle o nako-compost na produkto
- Mga aktibidad sa paglilinis ng kalat
- Paghihiraman ng bisikleta at kotse

### 2. Ang mga aktibidad ay kailangang isagawa sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Seattle o may direktang epekto sa basura sa Seattle.

Tinatanggap ang mga aplikanteng tagalabas ng Seattle hangga't malinaw na naipapakita ang matibay na koneksiyon ng proyekto sa daloy ng basura sa Seattle.

Tingnan ang mapa ng mga hangganan ng lungsod ng Seattle: <http://clerk.ci.seattle.wa.us/~public/nmaps/fullcity.htm>

### 3. Ang mga aktibidad ay kailangang magsulong sa isa o higit pa sa mga sumusunod na priyoridad:

**A) Inobasyon:** Subukan o palawakin ang mga bagong diskarte o teknolohiya, o maglaan ng mga bagong oportunidad sa pagbawas ng basura sa Seattle.

Mga halimbawa ng mga nakaraang proyekto:

- magsimula ng mobile at libreng tindahang pangkomunidad
- maglahad ng business case sa paggamit ng ni-reclaim na troso para sa bagong konstruksiyon

**B) Palawakin ang Patas na Access at Paglahok:** Pasalihin sa epektibong paraan ang mga komunidad na hindi naisasama noon at ngayon sa mga aktibidad ng pagbawas ng basura. Kasama sa mga priyoridad na komunidad ang mga taong Katutubo, African American, imigrante, refugee, may mababang kita, may mga kapansanan, LGBTQIA2+, nakakatanda, nakakabatang nasa hustong gulang, kabataan, mga bata, at/o maliliit na negosyo.

Mga halimbawa ng mga nakaraang proyekto:

- mag-recruit ng mga nakakatandang kalahok para sa pagkukumpuni sa komunidad
- magbigay ng mga resource na tutulong sa maliliit na negosyo para makabawas ng basura

**C) Dagdagan ang mga Patas na Benepisyo sa Komunidad:** Dagdagan ang mga benepisyo ng pagbawas ng basura para sa mga komunidad na hindi naisasama noon at ngayon, gaya ng pagpaparami sa mga libre o murang resource o pagsasanay sa trabaho para sa mga taong walang tirahan o seguridad sa pagkain.

Mga halimbawa ng mga nakaraang proyekto:

- magbigay ng trabaho sa mga babaeng imigrante at refugee para gumawa at magbenta ng mga gamit sa bahay mula sa tira-tirang tela
- mangolekta ng mga pagkaing hindi nabubulok mula sa mga nangungupahan sa apartment kapag lumikas na sila at i-donate ang mga ito sa mga lokal na food bank

Bukod pa sa mga kinakailangang nasa itaas, ang **pinakakwalipikado** na aplikante ay mayroong:

- Malinaw na nailarawang hamon o tanong na lulutasin ng proyekto ng grant
- Planong ipagamit ang anumang nabuong rekomendasyon o pamamaraan habang isinasagawa o pagkatapos isagawa ang proyekto ng grant
- Planong pondohan ang pagpapatuloy, pagpapalawak, o mga susunod na yugto ng proyekto kapag natapos na ang grant
- Epekto na hindi lang para sa isang organisasyon o negosyo. Halimbawa, nakikipagsosyo sa iba para mapalawaka ang naaabot ng proyekto ng grant, isinasali ang komunidad sa proyekto, o ibinabahagi ang kaalamang natutunan sa proyekto upang matulungan ang iba pang mga tao na magpatupad ng mga katulad na pagsisikap sa pagbawas ng basura sa Seattle.

---

## Sino ang Dapat Mag-apply

Hinihikayat ng SPU na mag-apply ang:

- Mga negosyo
- Mga nonprofit
- Mga grupo sa komunidad at kapitbahayan
- Mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad
- Mga institusyon (gaya ng pangangalagang pangkalusugan o pabahay)
- Mga organisasyon para sa pananampalataya
- Mga programa para sa kabataan at mga bata

Maaaring magsumite ang mga aplikante ng higit sa isang aplikasyon ngunit kwalipikado lang silang makatanggap ng isang grant award sa bawat grant cycle.

Ang lahat ng aplikante ay may mga lisensiya dapat para sa pagnenegosyo sa Estado ng Washington at Lungsod ng Seattle upang makatanggap ng pondo ng grant, o kaya ay nakikipagtulungan sa isang Fiscal Agent na mayroon ng mga kailangang lisensiya. Responsibilidad ng Fiscal Agent na tanggapin at pangasiwaan ang pondo ng grant para sa isang proyekto.

**Impormasyon tungkol sa lisensiya para sa pagnenegosyo sa Lungsod ng Seattle:** <https://www.seattle.gov/office-of-economic-development/small-business/food-businesses/licensing>

**Impormasyon tungkol sa lisensiya para sa pagnenegosyo sa Estado ng Washington:** <https://dor.wa.gov/>

## Muling Pag-apply

Maaaring muling mag-apply ang mga aplikante para sa grant sa bawat cycle ng pagpopondo kung:

- Muling mag-a-apply para sa isang proyektong hindi pa napondohan dati. Inirerekomenda namin na makipag-ugnayan ka sa amin upang alamin kung paano mo mapapabuti ang iyong aplikasyon para sa susunod na cycle ng pagpopondo.
- Mag-a-apply nang may bagong ideya ng proyekto.
- Mag-a-apply upang palawakin ang isang proyektong napondohan na dati o ipatupad ang susunod na phase. Dapat ilahad sa aplikasyon kung paano mababawasan pa lalo ang basura. Hindi maaaring gamitin ang mga pondo ng grant upang ipagpatuloy ang isang proyekto sa mga kasalukuyang antas sa pagbawas ng basura.

---

## Mga Kinakailangan sa Pagpopondo at Match

### Pagpopondo

- Mayroong kabuuang pondo na \$200,000 na nakalaan sa grant cycle na ito.
- Maaaring humiling ng grant mula \$3,000 hanggang \$40,000. Maaaring magkaloob ang SPU ng halagang mas maliit o mas malaki kaysa sa hinihiling.
- Dapat gamitin at i-invoice ang mga pondo ng grant hanggang Hunyo 30, 2025.

### Mga Kwalipikadong Gastusin

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng gastusing maaaring kwalipikadong pondohan ng grant:

- Oras ng kawaning nakatalaga sa proyekto ng grant (maaaring kasama ang overhead)
- Mga pambayad at iba pang insentibo para sa paglahok sa proyekto

- Mga supply, materyal, at kagamitan sa proyekto
- Mga serbisyo gaya ng interpretasyon, printing, at disenyo
- Pagrenta ng espasyo para sa mga aktibidad ng proyekto
- Mga pagkain at inumin para sa mga aktibidad ng proyekto, hindi kasali ang mga inuming alak
- Mileage at paradahan para sa mga aktibidad ng proyekto (sa pederal na rate ng mileage)
- Bayad para sa fiscal agent (hanggang 10% ng hiling na grant)

## Mga Kinakailangan sa Match

Kailangang makihati ang mga aplikante sa mga halagang gagastusin sa mga proyektong pinopondohan ng grant.

- Ang match ay hindi dapat mas mababa sa 25% ng hiling na grant.  
Halimbawa: \$40,000 hiling na grant + \$10,000 match = \$50,000 kabuuang budget ng proyekto.
- Ang mga kontribusyon sa match ay partikular dapat sa proyekto ng grant. Maaaring ito ay pera o iba pang pondo ng grant na gagamitin upang pondohan ang bahagi ng proyekto, at mga donasyong pantustos sa mga aktibidad ng proyekto ng grant, gaya ng oras, espasyo, serbisyo, at supply mula sa mga boluntaryo.
- Ang mga walang bayad na oras ng mga boluntaryo ay nagkakahalaga ng \$34.87/oras batay sa Halaga ng Oras ng Boluntaryo ng Independent Sector para sa Estado ng Washington.
- Ang mga resource ng Lungsod ng Seattle gaya ng oras ng kawani ng Lungsod, paggamit ng mga pasilidad ng Lungsod, at/o iba pang pondo ng Lungsod ay hindi maaaring ibilang sa match.

## Pagkontrata at Pagbabayad

### Mga Fiscal Agent

Maaaring piliin ng mga aplikante na makipagtulungan sa isang Fiscal Agent na may responsibilidad na tanggapin at pangasiwaan ang pondo ng grant para sa proyekto. Responsibilidad ng mga aplikante na kilalanin ang sarili nilang Fiscal Agent at kumpirmahin na ang Fiscal Agent ay may mga kasalukuyang lisensiya para sa pagnenegosyo sa Estado ng Washington at Lungsod ng Seattle. Maaaring maningil ang mga Fiscal Agent nang hanggang 10% ng grant award. Maaaring isama ng mga aplikante ang bayaring ito sa hiling na grant o i-apply ito sa kontribusyon sa match.

### Pagkontrata

Ang bawat award recipient o ang kanyang Fiscal Agent ay dapat magsumite ng W9 form at pumirma ng kasunduan sa SPU upang makatanggap ng mga pondo ng grant. Isasama sa kasunduan ang mga karagdagang tuntunin at kondisyon ng grant.

Magre-reimburse lang ang grant para sa mga aktibidad ng proyekto na isasagawa matapos pirmahan ang kasunduan sa Lungsod.

### Mga Kinakailangan sa Insurance

Ang mga recipient ng grant o ang kanilang Fiscal Agent ay dapat magpanatili ng insurance sa antas na pangkaraniwan para sa mga negosyong may mga gawaing may saklaw at katangiang katulad ng sa proyekto ng grant, at hindi mas mababa sa iniaatas ng batas ng Estado ng Washington. Dapat ding magpanatili ng insurance para sa kompensasyon ng mga manggagawa kung iniaatas ng batas ng Estado ng Washington.

### Pagbabayad

Inire-reimburse ang mga kabayaran para sa grant award. Ang mga recipient ng award ay magsusumite ng mga invoice batay sa natapos na mga partikular na milestone na tinukoy sa kasunduan ng grant o batay sa mga aktuwal na gastusin. Magpapadala ang SPU ng mga tseke ng reimbursement 30 araw matapos matanggap ang bawat invoice. Maaantala ang bayad kung hindi kumpleto ang mga invoice o may kulang na kailangang ulat at dokumentasyon.

Maaaring humiling ang mga award recipient nang hanggang 10% ng grant award nang mas maaga upang matustusan ang mga panimulang gastusin para sa proyekto. Dapat ay ipaliwanag nang malinaw sa hiling ang pangangailangan at kung paano gagamitin ang mga paunang pondo. Ang patunay ng paggamit ng pondo ay dapat isumite at aprubahan ng SPU bago payagan ang grant recipient na humiling ng reimbursement para sa natitirang bahagi ng grant award. Ilaatas ng SPU na ibalik ang ilan o lahat ng paunang pondo kung hindi magbibigay ang award recipient ng sapat na pansuportang dokumentasyon.

## Pag-uulat

Makikipagtulungan ang SPU sa bawat award recipient upang gumawa ng naka-customize na template ng ulat para idokumento ang mga aktibidad, resulta, hamon, tagumpay, at leksiyong natutunan sa proyekto. Ang mga award recipient ay maaaring magsumite ng mga ulat nang naka-print o naka-video o makipagkita sa kawani ng SPU upang verbal na magsumite ng ulat.

Kailangang magsumite ng mga ulat kasabay ng bawat invoice at isumite ang panghuling ulat bago matanggap ang panghuling bayad sa grant. Maaaring hilingin ng SPU na makipagpulong sa bawat award recipient upang suriin ang panghuling ulat at itanong ang mga bagay na kailangang mabigyang-linaw.

---

## Pagsusuri ng Aplikasyon

### Komiteng Tagasuri

Ang komiteng tagasuri ng grant ay binubuo ng mga miyembro ng komunidad at kawani ng Lungsod ng Seattle na may iba't ibang pinanggalingan at larangan kung saan sila dalubhasa. Isasaalang-alang ng pamunuan ng SPU ang mga rekomendasyon ng komiteng tagasuri kapag ginagawa na ang mga panghuling desisyon sa pagpopondo.

### Mga Pamantayan sa Pagsusuri

Uunahin ng komiteng tagasuri ng grant ang mga proyekto batay sa mga pamantayang nasa ibaba. Isasaalang-alang din ng SPU ang pagkakaiba-iba ng heyograpikong lokasyon, apektadong komunidad, at mga uri ng proyekto. Maaaring makipag-ugnayan ang SPU sa mga aplikante para magtanong ng mga karagdagang bagay bago gawin ang mga panghuling desisyon sa pagpopondo.

- Mga Resulta ng Pagbawas ng Basura:** Kakayahan ng isang proyekto na mabawasan ang basura.
  - Babawasan ng proyekto ang basurang materyal na pangunahing prioridad ng SPU (mga kasalukuyang prioridad: pagkain, tela, materyal na isang beses lang ginagamit, materyales sa konstruksiyon, at kasangkapan at appliances)
  - Dami ng basura na kayang ibawas ng proyekto habang isinasagawa ang proyekto ng grant at sa hinaharap, at mga kaugnay na epekto sa kapaligiran at kalusugan
  - Bilang ng tao na kayang maabot ng proyekto sa mga epektibong paraan
  - Hangad ng proyekto na lutasin ang isang pangunahing hamon o matuto ng bagong kaalamang magagamit at/o maibabahagi sa iba upang mapalawak ang mga resource para sa pagbawas ng basura sa Seattle
- Kapasidad ng Proyekto:** Kakayahan ng isang proyekto na magtagumpay batay sa kapasidad.
  - Ang proyekto ay may sapat na kawanihan, kasosyo, boluntaryo, at pananalapi upang magtagumpay
  - Ang mga kawani, boluntaryo, at kasosyo ay mayroon ng kailangang kaalaman, kasanayan, karanasan, at kaugnayan
  - Naitaguyod na ang mga pagsososyo, kung kailangan
- Budget ng Proyekto:** Kakayahan ng isang proyekto na magtagumpay batay sa kapasidad.
  - Nakaayon ang budget sa panukala para sa proyekto
  - Tumpak ang pagtatantiya sa budget
  - Angkop ang mga gastusin para sa grant
  - Makatwiran ang hinihiling na halaga para sa mga inaasahang resulta
- Mga Prioridad:** Ang mga proyekto ay kailangang magsulong sa isa o higit pa sa mga sumusunod na prioridad.
  - Inobasyon:** Ang paggamit ng isang proyekto ng mga bagong diskarte o teknolohiya.
    - Inobatibo ang proyekto para sa nasasakupan ng Seattle
    - Ang proyekto ay kayang palawakin upang magkaroon ng mas malaking epekto sa Seattle
    - Magbabahagi ang proyekto ng mga nakuhang pamamaraan, resource, at kaalaman upang matulungan ang iba pa na magpatupad ng mga katulad na pagsisikap sa pagbawas ng basura sa Seattle

**B) Palawakin ang Patas na Access at Paglahok:** Ang kakayahan ng isang proyekto upang pasalihin sa epektibong paraan ang mga komunidad na hindi naisasama noon at ngayon sa mga aktibidad ng pagbawas ng basura.

- Isasali sa proyekto ang mga taong Katutubo, African American, imigrante, refugee, may mababang kita, may mga kapansanan, LGBTQIA2+, nakakatanda, nakakabatang nasa hustong gulang, kabataan, mga bata, at/o mga hindi naisasamang komunidad
- Gagamit ang proyekto ng mga estratehiyang epektibo para sa bawat komunidad na isinasali nito
- Kasama ang mga apektadong komunidad sa pagpapalano at pagpapatupad ng proyekto

**C) Dagdagan ang mga Patas na Benepisyo sa Komunidad:** Ang kakayahan ng isang proyekto upang dagdagan ang mga benepisyo ng pagbawas ng basura na makukuha ng mga komunidad na hindi naisasama noon at ngayon.

- Makikinabang sa proyekto ang mga taong pinakamatindi ang pangangailangan, gaya ng mga taong walang tirahan o seguridad sa pagkain
- Ang mga tutukuying benepisyo ay makabuluhan sa mga apektadong komunidad, gaya ng pagbibigay ng mga libre o murang resource o pagsasanay sa trabaho

---

## Proseso ng Aplikasyon

### Schedule

Takdang Petsa ng Aplikasyon	Marso 24, 2023
Paunawa sa mga Desisyon	Hanggang gitnang bahagi ng Mayo
Pirmado na ang mga Kasunduan sa Lungsod (maaaring simulan ang mga proyekto)	Hulyo 2023
Natapos at Na-invoice na ang Gawain	Hanggang Hunyo 30, 2025

### Mga Hakbang ng Aplikasyon

**Hakbang 1:** Basahin ang Mga Alituntunin at panoorin ang Video ng Tagubilin sa Grant bago kumpletuhin ang iyong aplikasyon.

**Hakbang 2:** Makipag-ugnayan sa amin upang kumpirmahin kung kwalipikado ang iyong proyekto at makahingi ng payo para sa proyekto: [WasteFreeGrants@seattle.gov](mailto:WasteFreeGrants@seattle.gov) or (206) 615-1405

**Hakbang 3:** Magkumpleto ng Naka-print o Naka-video na Aplikasyon (huwag gawin pareho).

- Ang mga Naka-print na Aplikasyon ay kailangang hindi mas mahaba sa 10 pahina.
- Ang mga Naka-video na Aplikasyon ay kailangang hindi mas mahaba sa 15 minuto.
- Maaaring isumite ang mga aplikasyon sa gusto mong wika. Magbibigay ang SPU ng pagsasalin/interpretasyon.

**Hakbang 4:** Isumite ang iyong aplikasyon at mga pansuportang dokumento para sa grant hanggang 5:00 pm sa Marso 24, 2023. Tumawag sa (206) 615-1405 kung hindi ka makakakuha ng kumpirmasyon sa email na natanggap na ito sa loob ng 2 araw ng negosyo.

---

## Tulong sa Wika

Para sa tulong sa mga sumusunod na wika, makipag-ugnayan sa aming kasosyo na Environmental Coalition of South Seattle (ECOSS, Koalisyong Pangkapaligiran ng South Seattle) sa [emak@ecoss.org](mailto:emak@ecoss.org) o (206) 767-0432.

Pinopondohan ng SPU ang ECOSS upang magbigay ng tulong sa wika para sa mga aplikante ng grant.

- Amharic
- Cantonese
- Mandarin
- Spanish
- Tigrigna
- Vietnamese